| Grades 1 to 12 Daily Lesson Log | School | Guadalupe Elementary School | Grade Level | III |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher | Arian P. de Guzman | Learning Area | ESP |
| | Teaching Dates | Week 6 | Quarter | 1ST |


| DAY | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. LAYUNIN** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng sariling kakayahan, pagkakaroon ng tiwala, pangangalaga at pagiingat sa sarili tungo sa kabutihan at kaayusan ng pamilya at pamayanan | | | | |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | Naipakikita ang natatanging kakayahan sa iba't ibang pamamaraan nang may tiwala, katapatan at katatagan ng loob | | | | |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto** | Nakasusunod sa mga pamantayan o tuntunin ng mag-anak (**EsP3PKP-Ii-22**) | | | | Learners will answer the assessment with 80% accuracy |
| **II. Nilalaman** | **Pamantayan ng Mag-anak: Ating Sundin** | | | | |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |
| **A. Sanggunian** | | | | | |
| **1. Mga Pahina sa Gabay ng Guro** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang-mag-aaral** | | | | | |
| **3. Mga Pahina sa Teksbuk** | | | | | |
| **4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng *Learning Resource*** | | | | | |
| **B. Iba pang Kagamitang Panturo** | Modyul 6 | | | | |
| **IV. PAMAMARAAN** | | | | | |
| **A. Balik-aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin.** | Basahin ang bawat sitwasyon. Isulat ang "sasali ako" kung sa pag-unawa mo ay dapat kang sasali at "bubukod ako" kung hindi. Gawin ito sa iyong kuwaderno.<br>__________ 1. Nagbalak ang mga kaibigan mo na nakawin ang mga bunga ng mangga sa inyong kapitbahay.<br>__________ 2. Nagyaya ang tatay mo na pupunta kayong mag-anak sa bukid upang anihin ang mga pananim na gulay.<br>__________ 3. Nakapulot kayo ng kapatid mo ng pera at mungkahi niya na isauli ito sa may-ari.<br>__________ 4. Sinabihan ka ng kaklase mo na lilinisin ninyo ang inyong silid-aralan bago kayo uuwi.<br>__________ 5. Niyaya ka ng kapatid mong maglaro ng online | Magbalik-aral sa nakaraang aralin. | Magbalik-aral sa nakaraang aralin. | Magbalik-aral sa nakaraang aralin. | Basahin at unawain ang bawat pahayag sa loob ng kahon. Ilagay sa iyong kuwarderno ang tamang reaksyon na thumbs up (  ) kung ikaw ay sumasang-ayon at thumbs down (  ) kung hindi. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | game at ubusin ang perang bigay ng mga magulang ninyo. | | | | 1. Mag-impok ng pera sa alkansya.<br>2. Laging nagpapabili ng bagong damit.<br>3. Ayaw matulog kasama ang mga kapatid.<br>4. Sumunod sa mga tuntunin sa tahanan ngunit nagdadabog habang ginagawa ito.<br>5. Hindi ibinalik ang sukli sa perang ginastos at binili ito ng laruan.<br>6. Umunawa sa kalagayan ng mga kapatid sa pamamagitan ng pagtulong nito sa mga nakatakdang gawain.<br>7. Matiyagang naglakad patungo sa paaralan.<br>8. Nagtapat ng buong pangyayari sa magulang kahit na mapapagalitan pa. |
| **b. Pagganyak o Paghahabi sa layunin ng aralin/Motivation** | Ang bawat tahanan ay may mga pamantayang itinakda ng mga magulang. Naranasan mo na bang sumuway sa mga pamantayang itinakda ng inyong tahanan? | | | | |
| **C. Paglalahad o Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin.** | Basahin ang talaarawan. May mga guhit sa katapusan ng bawat talata. Iguhit sa iyong kuwaderno ang maaari mong maging reaksyon sa bawat sitwasyon na isinaad nito. Gamiting gabay ang mga mukhang nasa kahon.<br><br>Dear Diary<br>**Kwento ni Rochien R. Titong**<br>Linggo. Humingi ako ng pahintulot sa nanay ko na makipaglaro sa mga kapitbahay namin. Pinayagan niya ako sa kasunduang hindi kami lalayo sa bahay. Kaya naglaro lamang kami ng mga kaibigan ko sa harap ng aming bahay.<br>Lunes. Kumakanta pa ako habang naglalakad sa kalye patungo sa aming paaralan. Masaya ako dahil doble ang baon kong pera. Binigyan ako ni nanay at humingi rin ako kay tatay. Hindi nila alam na dalawa pala silang hiningan ko ng baon. Naisahan ko sila. Kaya ang saya-saya ko. | | | | |


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Martes. Inulit ko ang paghingi ng dobleng baon kina nanay at tatay. Tuloy ang aking kaligayahan. Biruin mo, doble ulit ang perang natanggap ko.<br><br>Miyerkules. Dumaan ako saglit sa may malapit na pamilihan at bumili ako ng bagong laruan. Pag-uwi ko sa bahay ay agad kong tinapon ang mga luma kong laruan kasi hindi ko na ito gusto.<br><br>Huwebes. Nalaman nina tatay at nanay ang tungkol sa pagbili ko ng bagong laruan at pagtapon ko sa mga luma. Tinanong nila ako kung saan galing ang perang pinangbili ko. Umiiyak ako sa hiya at takot nang nagtapat ako sa kanila na hinihingan ko silang dalawa ng baon noong araw ng Lunes hanggang Martes. Galit na galit si Tatay at nalumbay si Nanay. Pinili kong tumahimik at humingi ng tawad sa kanila.<br><br>Biyernes. Nagdesisyon akong magtira ng kaunting halaga sa baon ko araw-araw kasi nagsimula na akong magtipid at mag-impok ng pera sa aking munting alkansiya nang sa ganoon ay makapag-ipon ako ng pambili ko ng bagong laruan. Pansamatala ko munang pinagtiyagaan ang mga luma kong laruan.<br> | | | | |
| **D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1** | May kahalagahan ang bawat pamantayang itinakda ng mag-anak sapagkat ito ay naglalayon ng kaligtasan, pagkakaisa, at gabay ng bawat kasapi ng pamilya. Mahirap o madali man itong sundin, kailangan ang pagtutulungan ng bawat kasapi ng mag-anak upang may kaayusan ang pagtataguyod ng buong tahanan.<br>Gayunpaman, ang pagkamasunurin sa pamantayan ng mag-anak ay siyang daan | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | upang ang bawat kasapi ay maging mabuting mamamayan sa tahanan man o sa buong pamayanan | | | | |
| **E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2** | | Sagutin ang sumusunod na tanong batay sa kuwento na "Dear Diary" na makikita sa bahagi ng Tuklasin.<br>1. Anong katangiang taglay ang ipinakita ng tagapagsalaysay sa araw ng Lunes at Martes?<br>2. Ano ang napili mong reaksiyon sa karanasang nasa Lunes at Martes? Bakit ito ang napili mong reaksyon?<br>3. Anong katangiang taglay ang pinapakita ng tagapagsalaysay sa araw ng Biyernes at Sabado?<br>4. May karanasan ka ba tungkol sa pagkamatiyaga? Ibahagi.<br>5. Ano ang aral na nakuha mo sa binasang talaarawan? | | | |
| **F. Paglinang sa Kabihasaan tungo sa Formative Assessment (Independent Practice)** | | Sumulat ng limang gawaing nagawa mo na sa inyong tahanan na nagpapakita ng katapatan at pagkamatiyaga. | | | |
| **G. Paglalapat ng Aralin sa pang-araw-araw na buhay** | | | Maglaro ng "labas" o "loob". May mga kaugaliang dapat taglayin ng bawat kasapi ng tahanan na nakasulat sa ibaba. Kung sa iyong pag-unawa ay dapat itong tularan, isulat ito sa loob ng hugis-puso at kung hindi naman ay isulat sa labas ng hugis-puso. | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | Pandaraya Pagkamasipag Pagkamasunurin Pagkamatapat Pagkamalupit Pagkapabaya  | | |
| **H. Paglalahat ng Aralin Generalization** | | | Ano-ano ang pamantayan sa inyong tahanan at paano mo ito nasunod ng may katapatan at pagkamatiyaga?<br>May mga panahon din bang nahihirapan ka na sa mga pamantayang itinakda sa inyong tahanan? Paano mo ito nalalampasan?<br>Sa iyong palagay, ano ang magiging dulot ng pagkamasunurin sa bawat pamantayang itinakda ng inyong tahanan? | | |
| **I. Pagtataya ng Aralin Evaluation/Assessment** | | | | Basahin ang bawat pangungusap at isulat ang titik ng tamang sagot.<br>1. Pinapaamin ka ng mga magulang mo sa iyong nagawang kasalanan. Alam mo na pagagalitan ka nila kung sasabihin mo ang totoo. Magtatapat ka pa rin ba? Bakit?<br>a. Hindi, dahil baka saktan nila ako.<br>b. Oo, kasi alam naman nila ang totoo.<br>c. Oo, dahil hindi mabuti ang magsinungaling. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | d. Hindi, kasi kapag magtapat ako para na ring natalo ako.<br>2. May isang bagay na gustong-gusto mong kunin ngunit<br>mahigpit na ipinagbabawal ng nanay mo ang paggalaw<br>nito. Ano ang gagawin mo?<br>a. Hindi ko ito gagalawin.<br>b. Kukunin ko kapag wala na si Nanay at ibabalik ko lang kung darating na siya.<br>c. Susubukan kong kunin at titingnan ko kung paparusahan ba ako ni Nanay.<br>d. Gagalawin ko basta't gusto ko dahil wala akong pakialam sa sinasabi ng nanay ko.<br>3. Puno na ang alkansiya mo. Gusto mo na itong buksan<br>upang bumili ng bagong laruan. Ano ang dapat mong gawin?<br>a. Bubuksan ko agad at bibili ako ng gusto ko.<br>b. Bubuksan ko ito ayon sa gusto ko dahil ako naman ang<br>nag-ipon nito.<br>c. Sasabihin ko sa nanay ko na puno na ang alkansya ko at<br>kailangan kong umalis upang bumili ng laruan.<br>d. Sasabihin ko sa mga magulang ko at hihingi ako ng payo kung kailan ko ito bubuksan at kailan ako bibili. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | 4. Humingi ka ng bagong damit subalit sabi ng nanay mo na sa<br>pasko ka na niya bibilhan. Ano ang gagawin mo?<br>a. Iiyak ako.<br>b. Hindi ako tutulong sa mga gawaing bahay.<br>c. Maghihintay ako sa panahong ipinangako niya.<br>d. Hindi ako papasok sa paaralan hangga't hindi ako<br>nabibilhan.<br>5. Nalaman mong nasira ang bag ng kapatid mo at binilhan<br>siya ng nanay mo ng bago. Ano ang magiging reaksyon mo?<br>a. Magiging masaya ako para sa kapatid ko.<br>b. Malulungkot ako kasi wala akong bago.<br>c. Magagalit ako sa nanay at kapatid ko.<br>d. Magpapabili rin ako sa tatay ko ng bago. | |
| **J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at *remediation*** | | | | Sa loob ng tatlong lobo, sumulat ng mga katangian ng<br>isang miyembro ng tahanan na sa palagay mo ay kailangan ng bitawan dahil sa hindi ito nakabubuti sa loob ng tahanan, pamayanan at sa buong bansa. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | |  | |
| **V. MGA TALA** | | | | | |
| **VI. Pagninilay** | | | | | |
| **A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya** | | | | | |
| **B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation*** | | | | | |
| **C. Nakatulong ba ang *remedial*? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin** | | | | | |
| **D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation.*** | | | | | |
| **E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?** | | | | | |
| **F. Anong suliranin ang aking naranasan na** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?** | | | | | |
| **G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | | | | | |

Prepared by: **ARIAN P. DE GUZMAN**
*Grade 3 Adviser*

Checked by: **IRENE P. DE LA CRUZ**
*Master Teacher I*

Noted: **ERNESTO B. CASTRO**
*School Head/Head Teacher III*